**International Journal of Research Studies in Education**
2023 Volume 12 Number 8, 57-69




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

# Bokabularyong Generation Alpha sa pakikipagtalastasang Filipino

Vargas, Alexander B. ✉
*Sorsogon State University, Philippines (alexander.vargas@deped.gov.ph)*
Marbella, Felisa D.
*Sorsogon State University, Philippines (felymarbella03@gmail.com)*

**Received**: 28 August 2023 **Revised**: 16 September 2023 **Accepted**: 19 September 2023
**Available Online**: 19 September 2023 **DOI**: 10.5861/ijrse.2023.62

***Abstract***

This study aimed to assess the vocabulary of Generation Alpha in their communication skills in the Filipino language among Grade 5 and Grade 6 students in all public and private schools in the town of Bulan, Sorsogon. The research utilized a descriptive-analytical design. The total participants were 1,340 students from Grade 5 and Grade 6, along with 100 teachers from public and private schools. Data were collected through Focus Group Discussions (FGD) and interviews to gather information on Generation Alpha vocabulary in both spoken and written Filipino communication. Thematic analysis was employed to determine the impact of using Generation Alpha vocabulary in Filipino communication. It was discovered that Generation Alpha has coined new words. The formation of Generation Alpha vocabulary was categorized into four types: reversal, abbreviation, spelling changes, and borrowing. Positive effects of using Generation Alpha vocabulary in Filipino communication emerged, including improved conversation fluency and enhanced listening experience for students. Ideas and information were conveyed clearly and comprehensively during discussions. However, negative effects were also identified, such as word confusion during conversations, decreased ability to create compositions like stories and essays, and challenges in using grammatical structures according to participants.

***Keywords:*** vocabulary, Generation Alpha, Filipino communication, effect

© The Author(s) / Attribution CC BY

# Bokabularyong Generation Alpha sa pakikipagtalastasang Filipino

## 1. Introduksyon

Ang bawat henerasyon ay may sari-sariling pagkakakinlanlan lalo na ang kanilang wikang nabuo at ginamit sa pakikipagtalastasan. Ito ang wikang ginamit upang magsagawa at gumawa ng isang maayos at naaayon na talastasan. Sa pagdaan ng bawat panahon ay natutunghayan ang pagbabagong nagaganap dito, nagkakaroon ng inobasyon lalo na sa wika tulad ng wikang Filipino na lalong pinagyayaman. Nakasaad sa 1987 Konstitusyon, Artikulo XIV, seksyon 6, na ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Ang wikang pambansa ay isang wikang ginagamit ng mga mamamayan sa isang bansa sa pakikipagkomunikasyon, pasalita man o pasulat. Ito ang wikang nauunawaan at ginagamit ng karamihan sa bansa. Ito ay dapat pagyabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na wika sa Pilipinas at sa iba pang mga wika.

Kasabay ng pagbabago ng panahon, ang mabilis at madaliang pag-usbong ng panahon gamit ang makabagong teknolohiya ay bunga ng bagong kaalaman ng tao mula sa pananaliksik at malikhaing pag-iisip. Isa sa mga produkto ng makabagong teknolohiya ay ang pinakamahalagang *social media*. Ito ay isang sistema ng pakikipag-ugnayan ng tao kung saan sila ay lumilikha, nagbabahagi at nagpapalitan ng impormasyon at ideya sa isang *virtual* na komunidad at *network*. Ito rin ay itinuturing na isang pangkat ng mga aplikasyon sa *Internet* (Nuncio et al., 2014). Sa kasalukuyan ang mga kabataan ay itinuturing na Generation Alpha ito ay binubuo ng mga indibidwal na ipinanganak sa crossover ng Generation Z at sa bagong edad (Tootell et al., 2014). Ito ay itinuturing na ipinanganak sa pagitan ng taong 2010 at 2025. Halos 250 bata ang ipinapanganak bawat minuto, na umaabot sa 2.1 milyong Gen Alpha bawat linggo at higit sa 130 milyon sa buong mundo (Lamble, 2018). Ang kanilang taon ng kapanganakan (2010) ay kasabay ng taon kung saan ang "app" ay ang salita ng taon.

Ang kanilang sariling wika at paraan ng kanilang komunikasyon ay may malaking kahalagahan sa pakikisalamuha at ito ay nagbabago sa pag-unlad ng mga panlipunang kaugalian at pagpapahalaga ng isang kultura. Ito ang nagiging dahilan kung bakit may iba't ibang wika na ginagamit sa iba't ibang bahagi ng mundo, at kung kaya't ang ilang mga salita ay mas nagiging kilala kaysa sa iba. Ang wika ay mayroon din isang aspeto ng pagiging sosyal, dahil nagiging iba-iba ang mga salitang ginagamit batay sa pakikipag-usap sa iba't ibang grupo ng tao. Ipinapakita nito na ang wika ay hindi stagnant, kundi patuloy na nagbabago at nag-uunlad (Estanislao et al., 2018). Sa patuloy nitong pagbabago, umuusbong ang mga salita na tangi sa isang pangkat ng tao. Ang dimensiyong sosyal ang nagbubunsod sa pagkakaroon ng mga register, jargon o sosyal na varayti tulad ng wika ng iba't ibang pangkat (Gime at Macascas,2020). Ang mga bagong salita ay nabubuo habang ang mga tao ay may mga bagong ideya. Ang wika ay sumusunod rin sa mga uso, kaya ang balbal, halimbawa, ay karaniwan sa mga kabataan. Ang balbal ay isang uri ng wika na binubuo ng isang leksikon ng mga hindi pamantayang salita at parirala. Isa rin itong impormal na wika na ginagamit sa karaniwang komunikasyon.

Ang balbal na salita ay kadalasang ginagamit upang gawing mas kawili-wili ang mga pag-uusap sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga bagong salita o parirala na may pinalawak na kahulugan. Karaniwan itong ginagamit upang ipakita na alam ng nagsasalita ang tungkol sa mga terminong ginagamit ng ibang tao at hindi sila natatakot na gamitin ang mga ito. Ang balbal ay bawal din sa mga pormal na pagkakataon, na nagpapakita na ito ay isang karaniwang wika na ginagamit ng mga taong pamilyar dito. Ang kontribusyon ng balbal na salita sa pagpapayaman ng wika ay isang interesanteng penomeno na nagpapakita ng tunay na dinamismo ng wika at pagiging simbolo ng kalayaan ng tao sa paglikha ng wika, at ito ay karapat-dapat suriin. Ito ay nahubog at muling nahubog ng iba't ibang kultura, at ang pag-usbong ng teknolohiya ay nagdulot ng isang pangunahing papel sa pag-unlad ng wika (Tolanboyeva at Yusupova, 2022).

Dagdag pa rito sa pag-aaral ni Jolo (2020), ang mga salitang slang katulad ng millennial ay may iba't ibang paraan ng pagkakabuo. Halos magkakapareho ang mga ginagamit nilang mga salitang slang ng mga mag-aaral sa

pasalita at pasulat. Sa pag-aaral na ito nais alamin kung anong bokabularyo ng Generation Alpha ang nabubuo at ginagamit ng mga mag-aaral sa pakikipagtalastasang Filipino. Mahalaga na mabigyang tuon ang wikang ginagamit at nagsisilbing daluyan ng komunikasyon ng mga kasapi ng Generation Alpha. Ito ang nag-udyok sa mananaliksik na pag-aralan ito.

***Layunin ng pag-aaral*** - Natiyak sa pag-aaral na ito na masuri ang bokabularyong Generation Alpha sa pakikipagtalastasang Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 5 at Baitang 6 antas ng elementarya sa lahat ng pampubliko at pribadong paaralan sa bayan ng Bulan Sorsogon. (1) Ang kahulugan ng mga nabuong bokabularyong ginagamit ng Generation Aplha, (2) nabuo at ginamit ang bokabularyong Generation Alpha sa pasulat at pasalita. (3) Ang epekto ng paggamit ng bokabularyong Generation Alpha sa pakikipagtalastasan. (4) Ang nabuong awtput batay sa isinagawang pag-aaral.

## 2. Pamamaraang ginamit

***Disenyo ng Pananaliksik*** - Natiyak sa pag-aaral na ito na masuri ang bokabularyo ng Generation Alpha sa pakikipagtalastasang Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 5 at Baitang 6 antas elementarya sa lahat ng pampubliko at pribadong paaralan sa bayan ng Bulan Sorsogon. Deskriptib-analisis ang ginamit sa pananaliksik. Ang kabuuang bilang ng mga kalahok ay 1,340 mula sa Baitang 5 at Baitang 6 at 100 na mga guro sa publiko at pribadong paaralan sa bayan ng Bulan. Nagsagawa ng *Focus Group Discussion* (FGD) at pakikipanayam sa pagkuha ng kailangang datos hinggil sa Bokabularyong Generation Alpha sa pakikipagtalastasang Filipino pasalita at pasulat.

***Mga Kalahok*** - Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay 20 sa bawat paaralan sa elementarya mula sa Baitang 5 at Baitang 6. May kabuuang bilang itong 1,340 na mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan sa Bayang ng Bulan. Kalahok din ang 100 na guro mula sa pampubliko at pampribadong paaralan sa Bayan ng Bulan. Random sampling ang ginamit ng mananaliksik sa pagkuha ng mga kalahok. Ang mga mag-aaral sa Baitang 5 at Baitang 6 ay maituturing na sakop ng Generation Alpha na siyang tuon ng pag-aaral. Batay sap ag-aaral Lamble (2018) ang mga ipinanganak sa taong 2010 hanggang 2025 ay maituturing na Generation Alpha. Ang mga gurong kalahok sa pag-aaral ay siyang mg gurong palaging nakakahalubilo ng mga mag-aaral sa paaralan. Hindi saklaw sa pag-aaral na ito ang mga mag-aaral sa Baitang 7 hanggang Baitang 10.

***Instrumento*** - Ang instrumentong ginamit sa pag-aaral na ito ay interbyu iskedyul. Ang nabuong interbyu iskedyul para sa mga mag-aaral na kalahok ay nahati sa tatlong bahagi. Una, mga salitang nabibilang Generation Alpha. Pangalawa, sa paraang pasulat, paano nabuo at ginamit ang bokabularyong Generation Alpha. Ang pangatlo, sa paraang pasalita, paano nabuo at ginamit ang bokabularyong Generation Alpha. Habang ang interbyu iskedyul para sa mga guro ay naglalaman ng epekto ng paggamit ng bokabularyong Generation Alpha sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasang pasulat at pasalita. Inalisa at inayos ang mga katanungan ng interbyu skedyul ng mananaliksik batay sa pagwawasto ng mga guro at tagapayo upang mapakinis at mabuo ang pinal na sipi ng interbyu na pinakainstrumento sa paglikom ng datos.

***Paraan ng Paglilikom ng Datos*** - Ang mga nalikom na datos sa pag-aaral na ito ay mula sa mga kasagutan ng mga mag-aaral at mga guro sa elementarya buhat sa iba't ibang pampubliko at pampribadong paaralan sa bayan ng Bulan. Bago naisagawa ang pangangalap ng mga datos ay sinimulan muna sa pamamagitan ng pagbuo ng liham pahintulot upang maipabatid at mapagtibay ang gawaing pananaliksik. Gumawa rin ang mananaliksik ng liham na humihingi ng rekomedasyon mula sa tagapamanihala ng Dibisyon ng Sorsogon upang hilingin ang pahintulot ng mga punongguro sa pampubliko at pampribadong paaralan ng antas elementarya. Unang pinuntahan ng mananaliksik ang mga pribadong mga paaralan upang personal na iabot ang mga liham pahintulot sa mga pungguro at maipaliwanag ang layunin ng isasagawang pag-aaral. Pagkatapos ay pinuntahan naman ng mananaliksik ang mga pampaaralan pampubliko upang ibigay ang mga liham pahintulot sa mga punongguro. Ang mga kalahok na mga mag-aaral ay binigyan ng Consent Form upang humingi g pahintulot sa mga magulang ng mga mag-aaral upang sila ay payagang maging kalahok sa pag-aaral sapagkat ang mga kalahok na mga

mag-aaral ay wala pa sa wastong gulang.

Sa pagsisimula, inilahad ng mananaliksik ang layunin ng pagsasagot sa mga mag-aaral. Nagbigay din ng pagpapaliwanag sa kung paaano ito bibigyan ng kasagutan. Binigyan ng pagkakataon na makapagtanong ang mga kalahok sa hindi nila nauunawaan sa inihandang tanong. Isang *focus group discussion* ang isinagawa sa pagkuha ng datos mula sa mga guro at mag-aaral. Ang mga ito ay ipinangkat ayon sa kanilang baitang na pinagmulan mula sa Biatang 5 hanggang 6. Ang mga ito ay pinasulat ng mga salitang kanilang ginagamit sa pakikipagtalastasan habang ang mga guro naman ay kinuha ang pananaw kung paano nakakaepekto ang paggamit ng bokabularyong Generation Alpha sa pakikipagtalastasang Filipino sa pasulat at pasalita. Humingi rin ng tulong sa mga guro upang mapadali ang pakikipanayam sa mga kalahok. Nakipanayam din sa mga guro upang malikom ang mga datos na kakailanganin. Isinagawa ang transkoding upang lubos na maunawaan ang mga naging kasagutan ng mga guro. Sinimulan ang paglilikom ng datos sa mga pampribadong pampaaralan noong May 17, 2023 at natapos ito noong Mayo 24, 2023 habang sa pampaaralang pampubliko ay sinimulan noong May 25,2023 at natapos naman ito noong Hunyo 2, 2023.

***Paraan ng Pagsusuri ng Datos* -** Ang nakalap na mga datos mula sa kasagutan ng mga kalahok ay itinala. Ito ay sumailalim sa pagsusuri at pag-aanalisa upang mabigyan ng interpretasyon. Ginamit ang pagtatala ng mga bokabularyong Generation Alpha mula sa sagot ng mga mag-aaral. Ginamit ang pag-aanalisa upang matukoy ang pagkakabuo ng mga salitang Generation Alpha. Upang matukoy ang mga bokabularyong gen Alpha, isa-isang binilang ang mga naging tugon ng mga kalahok. Ginamit din ang thematic analysis sa pagtukoy nang epekto ng paggamit ng bokabularyong Generation Alpha sa pakikipagtalastasang Filipino.

## 3. Mga natuklasan

Inilahad sa bahaging ito ang interpretasyon sa mga nakalap na datos buhat sa mga kalahok ng pag-aaral na ito. Nagsilbing kasagutan sa mga suliraning inilahad ang mga nakuhang sagot batay sa resulta ng pag-aaral na ito.

***Ang mga Kahulugan ng mga Nabuong Bokabularyong Ginagamit ng Generation Aplha* -** Lumabas sa pag-aaral na ito ang mga salitang nabuo at ginagamit ng mga Generation Alpha. Ang mga bokabularyong ito ay inalam ang mga kahulugan batay sa gamit ng mga kalahok. Sa ganitong paraan, madaling makikita ang pagpapakahulugan ng mga salita nabuong bokabularyo.

**Talahanayan 1**

*Kahulugan ng nabuong bokabularyong ginagamit ng gen alpha*

| Salita | Kahulugan |
|---|---|
| Awit | Katumbas ng ouch |
| Bet | Yes o maganda |
| Bop | Kung ang isang album ay maganda/Gusto ko |
| Cap | Magsinungaling |
| Ceo | Naglalarawan ng isang taong pinakamagaling |
| Cringe | Ginagamit kung ang isang tao ay sobrang nahihiya o may awkward na pangyayari |
| Dasurv | Hango sa salitang deserve |
| Eguls | Lugi o talo |
| Fam | Katumbas ng salitang “bro” |
| Finna | Pinaikling salitang “I’m going to” |
| Fire | Ibig sabihin ay cool |
| FOMO | Fear of missing out |
| Forda person | Ibig sabihin for the person |
| Glow up | Pagbabago ng ugali mula sa masama papunta sa pagiging Mabuti |
| Korique | Kahulugan nito ay korek o tama |
| Kuys | Kuya |
| Kyah | Tawag sa nakatatandang kapatid na lalaki |
| Mams | Mama |
| Marecakes | Mare |

| | |
|---|---|
| Meme | Mama/Mommy |
| Naur | No o hindi pwede |
| No cap | Pagsasabi ng totoo o pagiging tunay |
| Omsim | Mismo |
| Oum | Opo/po |
| Paps | Papa |
| Rizz | Pinaikling salitang karisma |
| Salty | Tumutukoy sa pakiramdam ng inis, galit, pagkabalisa o pagiging bitter |
| Sheesh | Nagpapahiwatig ng pagkamangha, pagkagulat o pagkatuwa |
| Simp | Pagkakaroon ng crush o pagiging obsess sa isang tao |
| Sizst | Babaeng kaibigan |
| Slaps | Isang papuri sa anumang "cool" o kamangha-manghang bagay |
| Slay | Ibig sabihin ay good job |
| Snack | Atraktib na tao |
| Ssob | Boss |
| Stan | Pagsuporta sa isang tao. Kombinasyon ng salitang stalker at fan |
| Sus | Pinaikling salitang "suspicious o kahina-hinala sa tagalog |
| Vibe check | Ginagamait sa pagsusuri ng ugali ng isang tao |
| W | Winner |
| Yarn | Iyan |
| Yeet | Katumbas ng yehey |

Inilahad sa Talahanayan 1 ang mga kahulugan ng mga nabuong bokabularyong Generation Alpha. Mapapansin na ang kahulugan ng mga nabuong bokabularyo ay naiiba ang katawagan maging ang pagbaybay nito. Tunay nga ng dinamiko ang wika, dumaraan ito sa ebolusyon at nakabatay sa bokabularyong napagkasunduan ng kanyang henerasyon.Ang iilan sa mga bokabularyo ng mga Generation Alpha ay *Slay* na may pagkakahulugan na mahusay o good job ang isang tao, *Forda Ferson* na mula sa salitang For the person sa Ingles, at *Salty* na tumutukoy sa inis, galit, pagkabalisa o pagiging bitter ng pakiramdam ng isang tao. Mayaman at dinamiko ang ating wika dahil ito ay salamin ng ating kultura, panitikan at umuunlad na bansa tulad ng Pilipinas. Dahil dito patuloy na nagbabago, nagdaragdag ng mga bago at kakaibang salita. Ito ay malawak na tinatanggap ng madla o ng mamamayang Pilipino.

Narito ang ilang halimbawa:

*P1: "Magayon man ang bag-o ko na burog?*

*(Maganda ba ang aking bagong hairstyle?)*

*P2: "Yes, slay"*

*(Oo, mahusay.)*

Mahihinuha sa usapan na ang salitang "*slay"* ay nangangahulugan ng mahusay o good job. Ito ay nagpapakita rin ng pagpuri sa isang bagay o pangyayari. Ito ay isang payak na salita kung saan ay positibong damdamin ang ipinapakita. Kadalasang ginamit kapag nagpapasaya ng isang kaibigan o ng isang taong gustong suportahan, lalo na sa pakikipagtalastang onlayn. Ang salitang ito ay kadalasang ginagamit sa mga *social media tulad ng facebook, tiktok,* at personal na mensahe. Isa pang halimbawa ng salitang nabuo ng Generation Alpha.

*P3: "Forda gastos naman ang Ferson niyan na taon."*

*(Forda gastos naman ang Ferson ngayong taon)*

Ang pangungusap na ito ay makikitaan ng paggamit ng salitang Forda Ferson na may katumbas sa Ingles na *For the person*. Ito ay tumutukoy na ang taong nagsasalita ay marami ang ginastos o winaldas na pera sa ngayong taon. Nangangahulugan na ang isang tao ay nasa isang tiyak na bagay, na inuuri ang kanilang sarili bilang ganoong uri ng tao. Katulad halimbawa na karamihan sa mga uso sa internet ngayon, ito ay karaniwang nagmumula sa isang maliit na platform na tinatawag na TikTok. Sa kasalukuyan ito ay naging internet slang.

Dagdag pa rito hindi matatawaran ang kahulugan at kabuluhan ng wika sa bawat grupo ng mananalita. Isang mahalagang instrumento ito sa pakikipag-ugnayan ng mga tao saan mang bahagi ang pinanggagalingan nila. Ito rin ay napagkakasunduan ng iba't ibang grupo o nagkakaroon ng pagkakaintindihan ang dalawang magkaibang mananalita dahil sa wikang nagbibigkis sa kanilang damdamin at kamalayan. Katulad nito:

*P4: "Friend, dasurv mo man talaga manggana sa kontes."*

*("Friend, daserve mong manalo sa kontest.")*

*P5: "Kuys, maupod kami sa aga sa iyo."*

*("Kuya, sama kami bukas sa inyo.")*

*P6: Makusog man talaga ang rizz ni Z, di mao?*

*("Ang lakas ng karisma ni Z, di ba?)*

*P7: omsim!*

*("mismo!")*

Ang mga salitang *Dasurv* na mula sa salitang deserve, *kuys* na pinaikling kuya, *oum* naman mula sa opo at ang *omsim* na binaliktad na mismo ay mga salitang maririnig o mababasa sa mga *social media post* ng mga Generation Alpha. Malawak at malaki ang impluwensya ng mga *social media* sa pagbuo at pagkakaroon ng mga bagong salita sa kasalukuyan. Ang mga salitang nauuso o kaya'y ginagamit ng mga Generation Alpha ay kadalasang nabuo o nakukuha sa mga nababasa at napapanood sa *social media*. Kadalasan ang mga salitang ito ay kanila ng ginagaya kung kaya't nagiging bahagi na ito sa kanilang pakikipagkomunikasyon. Narito ang halimbawa:

*P8: "Accla, bop ko ang bagong album ni Taylor Swift."*

*("Bakla, gusto ko ang bagong album ni Taylor Swift.")*

Ang salitang *bop* ay may dalawang kahulugan ito, kung ang isang album ay maganda at gusto ko. Nagkakaroon ng pagkakaiba ang pagkakahulugan ng salitang *bop* maging ito ay pasalita at pasulat. Nababago depende sa gamit nito.

Ang impluwensiya ng *social media(socmed) platforms* at iba't ibang mga palabas sa telebisyon ay nagbubunsod ng eksperimentalisasyon sa mga bagong salita at mga umiiral na mga salita (Gallego, 2016). Maituturing ngang likas sa mga Pilipino ang pagiging mapag-imbento. Ang pag-imbento ng salita ay trabaho ng lahat na masasabi ring penomenal dahil sumusunod ito sa agos ng panahon. Ika' nga ni Almario (2018) kailangang pagtiyagaan ang pagtuklas sa ugat ng isang likhang salita, at posibleng sipatin ang pagiging komplikado ng pinagmulan. Ayon kay Ocampo (2013), ang salitang balbal ay naging bahagi na ng bokabularyong Filipino na tumutugon sa kinakailangan ng lipunan. Ito ay pinakadinamiko sa lahat ng antas ng wika sa kadahilanang ang usong salita sa kasalukuyan ay malalaos o mapapalitan naman sa madaling panahon (Aldaca at Villarin, 2012). Isang pagpapatunay na ang pagkakaroon ng barayti ng anumang wika ay isang realidad na nagpapakita ng pagbabago nito dahil sa iba't ibang paraan ng paggamit sa wika (Peregrino et al., 2002).

Ang paglaganap ng mga salitang balbal sa modernong panahon ay dulot na rin ng mga sitwasyong pangwikang dinaranas ng tagapagsalita kasangkot ang malikhaing pagpapahayag ng mga kaisipan at mga ideya patungkol sa isang tiyak na paksa. Ang malikhaing pagpapahayag na ito ay sinangkapan ng malikhaing paghahabi ng mga salita sa makabuluhang pamamaraan sa pagbuo ng mga salitang balbal sa iba't ibang henerasyon (Noval, 2021). Ang bawat salitang nabuo ng mga Genration Alpha ay ginagamit nila batay sa kanilang emosyon, pahayag, pag-uugali, pantawag sa tao, at pampuri sapagkat ang pakikipagtalastasan ay

sinusuportahan ng iba't ibang salita. Ito ay ginagamit upang gawing mas epektibo, kawili-wili ang komunikasyon at bigyang-daan na tangkilikin ang pag-uusap.

Ang salitang nabuo ng Generation Alpha tulad ng *awit, eguls, salty,* at *sheesh* ay nagpapakita ng emosyon ng taong nagsasalita. Ang salitang *bet, finna,* at *yeet* ay mga pariralang pahayag ng mga Generation Alpha. *Kuys, mams, paps, sizst,* at *mariecakes* ay mga pantawag sa mga taong may koneksyon sa kanila. Ang *slay* at *dasurv* ay mga salitang pampuri habang ang *cap* at *no cap* ay sumagasot sa ugali ng isang tao. Marami ang nabuong salitang Generation Alpha na ginagamit sa komunikasyon ng mga mag-aaral. Ito ay tinukoy bilang balbal na uri ng wika na impormal na ginagamit sa komunikasyon upang mas madali at agad maunawan ng isang pangkat sa panlipunan. Ayon kay Trimastuti (2017) ang kakayahan ng komunikasyon ay paghahatid ng kahulugan mula sa isang indibidwal patungo sa isa pa. Ang pangangailangan ng tao ay isang paraan ng komunikasyon upang matugunan ang mga pangangailangang panlipunan. Mayroong ilang mga halimbawa ng baryasyon ng wika, isa na rito ang balbal. Ang balbal ay isa sa mga baryasyon ng wika kamakailan na kadalasang ginagamit sa pakikipag-ugnayan ng mga kabataan. Ginagamit ng mga kabataan ang pagkakaiba-iba ng wikang ito sa iba't ibang uri at dahilan (Wahyu Nuraeni at Pahamzah, 2021).

***Pagkakabuo at Pagkakagamit ng Bokabularyong Generation Alpha sa Pagsulat at Pasalita -*** Inilalahad dito ang interpretasyon ng mga datos na nakalap mula sa mga kalahok. Gumamit ng mga talahanayan upang masuri at mabigyang-analis ang mga salita. Ito ay inuri sa apat (4): pagbabaliktad, pagpapaikli, pagbabago ng ispeling, at panghihiram.

**Talahanayan 2.A**

*Paraan Ng Pagkabuo - Pagbabaliktad*

| Bokabularyong ginamit ng Generation Alpha | Kahulugan ng salita |
|---|---|
| Eguls | Lugi |
| Omsim | Mismo |
| Ssob | Boss |

Makikita sa Talahanayan 2.a ang mga bokabularyong nabuo sa pamamagitan ng pagbabaliktad. Mapapansin na palasak pa rin ang pagbabaligtad o pagpapalit ng posisyon ng pantig upang makabuo ng bagong salita. Lumabas sa pakikipanayam sa mga kalahok na iilan sa mga salitang Generation Alpha ay nabuo sa pamamagitan ng pagbabaliktad ng salita. Ito ay isa sa mga pamamaraan ng kasalukuyang henerasyon lalo na ang mga mag-aaral mula sa Baitang 5 at Baitang 6 upang gawing mas makulay at nakakaaliw ang kanilang pamamaraan ng pakikipagtalastasang Filipino. Nagiging kakaibang pakinggan ang kanilang pakikipagtalastasan kapag gamit ang mga salitang ito.

Ang salitang *omsim, ssob,* at *eguls* ay mga salitang binaliktad mula sa salitang mismo, boss, at lugi. Ang mga ito ang iilan lamang na madalas gamitin ng mga Generation Alpha sa kanilang pakikipagtalatasan na maaaring pasulat o pasalita. Batay sa pakikipanayam ng mananaliksik sa mga guro lumabas rito na may iba pang mga salitang ginagamit ang mga mag-aaral sa kanilang pakikipagtalastasan tulad ng lodi mula sa salitang idol, werpa na salitang power, yorme mula sa salitang mayor. Ito ay mga salitang iilan lamang sa madalas na ginagamit ng mga mag-aaral dahil ito ay naririnig nila sa telebisyon at sa mga social media.

Sa kabilang banda ito ay nagdudulot ng kalituhan sa pakikipagtalastasan ng mga mag-aaral. Ayon sa pag-aral nina Danao, Torres, Tubio, at Vea (2017) na ang "binaliktad" ay karaniwang ginagamit ng mga Pilipino upang itago ang tekstuwal na wikang ito sa mga pag-uusap sa araw upang masaya sila. Gayundin, ang ganitong uri ng balbal ay kadalasang ginagamit para sa pagbibiro at panunukso upang makakuha ng prestihiyo sa kanilang mga kaibigan kaya, na nagbibigay ng positibong mga damdamin. Ang mga salitang ito ay isang patunay na ang wikang Filipino ay buhay at patuloy na nagbabago ayon sa panahon, at pagbabago ng mga kasangkot sa talastasan.

**Talahanayan 2.B**

*Paraan Ng Pagkabuo - Pagpapaikli*

| Bokabularyong Ginagamit ng Generation Alpha | Kahulugan ng salita |
|---|---|
| Dasurv | Deserve |
| Finna | I'm going to |
| Kuys | Kuya |
| Mams | Mama |
| Paps | Papa |
| Rizz | Karisma |
| Stan | Kombinasyon ng stalker at fan |
| Sus | Suspicious |
| W | Winner |

Makikita sa Talahayan 2.b ang mga bokabularyong Generation Alpha na nabuo sa pamamagitan ng pagpapaikli. Iilan sa kadalasang makikita at maririnig sa mga mag-aaral kapag sila ay nakikipag-ugnay sa iba gamit ang modernong pamamaaraan. Sa pamamagitan nitong teknolohiya ay nagkakaroon ng pagpuputol ng mga salita o kaya'y pinapaikli upang maging madali ang pagpapadala ng mensahe. Ito ang malinaw na pamantayan na nababago ng teknolohiya ang ilang aspeto ng buhay ng tao lalong lalo na sa pakikipagtalastasan. Ang salitang *Sus, Rizz, Dasurv, Kuys, Mams,* at *Paps* ang mga salitang ito ay mula sa Charisma o karisma, deserve, kuya, mama, at papa. Ang mga ito ay pinaikli ng mga Generation Alpha upang mapadali at makibagay sa mga kapwa niya kabataan sa pagsasalita at pasulat.

Sa kabilang banda ang pagiging lantad ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga ganitong porma ng salita ay maaaring magdulot na makaligtaan ang wastong pagbaybay ng mga salita. Ang ganitong suliranin ay may impak sa kanilang mga karaniwang gawaing pang-akademiko. Ang mga salitang ito ay pumailalim sa proseso ng paghahalo at pagpapaikli at alinsunod kay Tudtod (2020), may mga salitang tinatawag na hiram-daglat, kung saan karaniwang umiimbento o bumubuo ng salita sa pamamagitan ng pagpapaikli sa mga ito sa paraang pasalita o paiskrip. Ito rin ay sinuportahahn ng pag-aaral ni Muhammad (2011) ang ating pakikipagkomunikasyon ay lumalawak sa pamamagitan ng mga pinaikling salita.

Makikita rin sa Talahanayan 2.c na bumubuo ng bagong banghay o pagbabago ng ispeling ng mga salita sa pamamagitan ng pag-iimbento, paglalaro ng salita at metatesis na halos nagaganap sa mga salitang balbal. Ang mga bokabularyong nabuo ng Generation Alpha ay kanilang binabago ang mga ispeling ng salita ngunit nananatili pa rin ang kahulugan nito. Ang mga salitang *Yeet, Korique, Oum, Bet, Meme, Yarn, Sizst,* at *Kyah* ang nabuo sa pamamaraang pagbabago ng ispeling ng mga salita. Ito ay mula sa orihinal na salitang *yet* na may ibig sabihing yehey, *korique* ay nangangahulugang korek o tama, *oum* ay katumbas ng salitang oo/opo, *bet* ay yes o maganda, *meme* ay mama o mommy, *yarn* ay iyan, *sizst* ay babaeng kaibigan, at *kyah* ay mula sa salitang kuya.

**Talahanayan 2.C**

*Paraan Ng Pagkabuo – Pagbabago Ng Ispeling*

| Bokabularyong Ginagamit ng Generation Alpha | Kahulugan ng salita |
|---|---|
| Bet | Yes/Maganda |
| Korique | Korek |
| Kyah | Kuya |
| Meme | Mama |
| Oum | Opo/po |
| Sizst | Babaeng kaibigan |
| Yarn | Iyan |
| Yeet | Yehey |

Ang metatesis ay nakita rin sa pag-aaral ng Tagalog Slang Zorc (1990). Ang pagbabago nagbanghay o ispeling ay walang tiyak na sinusundang lingguwistikang porma na mababasa sa mga aklat panggramatika o tuntuning panggramatika. Ito ay nabubuo sa malikhaing paraan sa pamamagitan ng pagpapalit ng mga pantig sa orihinal na salita tulad ng "kaya" na naging "keri", "ano ba" na naging "enebe", at "putangina" na naging

"taena". Mapapansing nabubuo ang bagong salita na hindi nalalayo sa orihinal na bigkas nito.

Makikita sa Talahanayan 2.d ang pagkakabuo ng mga bokabularyong Generation Alpha sa pamamaraan ng paghihiram ng mga salitang ingles sa pakikipagtalasatasang Filipino ng mga mag-aaral. Ang salitang ito ay kadalasang nababasa o nakukuha ng mga mag-aaral sa kanilang mga *social media* lalo na ang paggamit ng *facebook, Instagram*, at sa iba pang mga *social media.* Ang salitang *Naur* na ang ibig sabihin ay hindi pwede, *Fam* ay katumbas ng salitang bro, *Sheesh* na nagpapahiwatig ng pagkamangha, pagkagulat o pagkatuwa, *Glow up* pagbabago ng ugali mula sa masama papunta sa pagiging mabuti, *Snack* ibig sabihin ay atraktib na tao, *Bop* kung ang isang album ay maganda, *Bet* ibig sabihin ay yes o maganda, *Marecakes* o mare, *Awit* katumbas ng ouch, *Slay* ibig sabihin good job, *Vibe Check* ginagamiit sa pagsusuri ng ugali ng isang tao, *Salty* tumutukoy sa pakiramdam ng inis, galit, pagkakabalisa o pagiging bitter, *Simp* pagsuporta sa isang tao, *Stan* pagkakaroon ng crush o pagiging obsess sa isang tao, *Slaps* pagpuri sa anumang cool, *No cap* pagsasabi ng totoo o tunay, *Cringe* may akward na pangyayari, *Fire* na ang ibig sabihin ay cool, at *Cap* ay magsinungaling.

**Talahanayan 2.D**

*Paraan Ng Pagkabuo – Panghihiram*

| Bokabularyong ginagamit ng Generation Alpha | Kahulugan ng salita | Pinagmulan ng salita |
|---|---|---|
| Awit | Ouch | Pilipinas |
| Bet | Yes/Maganda | Amerika |
| Bop | Kung ang album ay maganda | Amerika |
| Cap | Magsinungaling | Amerika |
| Cringe | Nahihiya o awkward | Amerika |
| Fam | Bro | Amerika |
| Fire | Cool | Amerika |
| Glow up | Pagbabago ng ugali ng tao | Amerika |
| Marecakes | Mare | Pilipinas |
| Naur | No o hindi pwede | Australia |
| No cap | Pagsasabi ng totoo | Amerika |
| Salty | Inis o pagiging bitter | Amerika |
| Sheesh | Pagkamangha, Pagkagulat | |
| | Crush o pagiging obsess sa tao | Amerika |
| | Papuri sa kamangha-manghang bagay | Amerika |
| Simp | | |
| | Good job | Amerika |
| Slaps | Atraktib na tao | Amerika |
| Slay | Kombinasyon ng stalker at fan | Amerika |
| Snack | Pagsusuri sa ugali ng isang tao | Amerika |
| Stan | | |
| Vibe check | | |

Ang mga salitang ito ay nagmula sa iba't ibang panig ng mundo. Ang mga nakatalang mga salita na nabuo ng mga Generation Alpha ang pinagmulan ay America, Pilipinas at Australia. Tinukoy ni Yule (2010) ang panghihiram bilang proseso ng pagbuo ng salita sa pamamagitan ng pagkuha mula sa *sother* na mga wika. Gayunpaman, sa karagdagang elaborasyon ay nakasaad na ang ang mga hiniram na termino ay hindi limitado sa isang wika ng lipunan ngunit gayundin ang isang wika ng isang tiyak na paksa, tulad ng kimika, biology, o ekonomiya. Pinatunayan ni Zorc (1990) na ang panghihiram ay pangkaraniwan sa isang wika lalo na sa wikang Filipino. Isa rin ang Ingles sa hinihiraman ng wikang Filipino. Ang paraan ng panghihiram ay hindi palagiang pag-aangkin ng kabuoang salita nito o ang orihinal na baybay ng isang salitang hiniram.

Mula sa pagkakabuo ng mga bokabularyong Generation Alpha ito rin ay kanilang ginagamit sa pagpapaabot ng kanilang ekspresyon sa kapwa lalo na sa kanilang pakikipagtalastasang Filipino. Ang mga ekspresiyong ito ay karaniwang ginagamit sa kanilang pang-araw-araw na transaksiyon at interaksiyon. Ilan sa mga ito ay hango sa kanilang pinapanood na nagkaroon ng pagbibihis ayon sa sitwasyong pinaggagamitan nito. Ayon kina Zhou at Fan (2013) ang mga kabataan ay medyo aktibo sa paglikha ng mga balbal na salita. Gumagamit sila ng mga

salitang balbal sa kanilang pag-uusap upang ipakita ang kanilang saloobin laban sa lipunan o kanilang sariling paraan ng pag-iisip.

***Epekto ng Paggamit ng Bokabularyong Generation Alpha sa Pakikipagtalastasang Filipino*** - Inalam dito kung positibo at negatibo ang epekto ng paggamit ng bokabularyong generation alpha sa pakikipagtalastasang Filipino sa pasalita at pasulat. Ang paggamit nitong nabuong mga salita sa pakikipagtalastasang Filipino ay may malaking epekto sa mga mag-aaral. Ang positibong epekto ng paggamit ng bokabularyong Generation Alpha sa pakikipagtalastasang Filipino sa pasalita at pasulat. Ito ang sumusunod:

**Talahanayan 3**

*Positibong Epekto ng Paggamit ng Bokabularyong Generation Alpha sa Pakikipagtalasamg Filipino*

| Pangkalahatang Positibong Epekto | Tiyak na Positibong Epekto |
|---|---|
| Ang pagiging maayos ang usapan gamit ang bokabularyong Generation Alpha | Nagkakaunawaan ang mga mag-aaral gamit ang kanilang salitang Gen Alpha.<br>Maaayos ang daloy ng kanilang usapan.<br>Hindi sila nagkakaroon ng kalituhan sa kanilang pinupunto |
| Magandang pakinggan ang mga usapan ng mga mag-aaral gamit ang bokabularyong Generation Alpha | Maganda pakinggan ang daloy ng usapan.<br>Kawili-wili at masining pakinggan ang usapan. |
| Nailalahad nang buo at malinaw ang ideya o impormasyon sa pakikipag-usap | Nagagamit sa pagbibigay ng ideya.<br>Madaling mailahad ang pananaw at ideya gamit ang Gen Alpha sa usapan. |

**Ang pagiging maayos ang usapan gamit ang bokabularyong Generation Alpha**.

Ayon sa guro sa tuwing nag-uusap ang kanilang mga mag-aaral ay kapansin-pansin na nagkakaunawaan sila gamit ang mga salitang Generation Alpha. Ang mga nabuong bokabularyo ng mga mag-aaral ay maayos pa rin ang daloy ng kanilang usapan at hindi sila nagkakaroon ng kalituhan sa kanilang pinupunto. Nagpapakahulugan lamang na ang isang pangkat ay nagkakaunawaan dahil sila mismo ang gumawa ng kanilang sariling mga salita kaya't nagkakaintindihan sila at nagkakaroon ng palitan ng ideya ang bawat isa. Sa pag-aaral na isinagawa ni Tudtod (2020) mahalaga para sa atin na maunawaan ang lahat ng mga salitang naririnig upang matamo ang mabisang pakikipagkomunikasyon sa isa't isa. Kinakailangan na naiiangkop ang mga salita sa pakikipagtalasatasan sa taong ating kausap. Sapagkat ang kahulugan ng wika ay hindi lamang nauugnay sa pagpili ng mga salita kundi pati na rin kung paano ang paraan ng paghahatid nito. Kapag hindi maiparating ng nagsasalita ang kanyang mensahe sa pamamagitan ng paggamit ng isang wika, kailangang baguhin ng tagapagsalita ang wika upang mas maunawaan (Sagala, Rakhmat & Rezeki, 2018).

**Magandang pakinggan ng mga usapan ng mga mag-aaral gamit ang bokabularyong generatione alpha.**

Ang paggamit ng mga bokabularyong Generation Alpha sa mga usapan ng mga mag-aaral ay nagagawa nitong masining at kawili-wiling pakinggan ang mga ito. Ayon sa gurong nakausap ng mananaliksik *"kadianis pagbatiun san mga bata pag nag-iiristuryahan san bokabularyong Generation Alpha, makikitinawa."* Ito ay nagpapakahulugan lamang na hindi lamang mga bastos at bulgar na mga salita ang isang balbal na wika. Ito ay maaari ding pagbuo ng isang salitang may magandang kahulugan at di nakakasama sa isang tao. Binibigyang kahulugan ni Eble (1996) ang balbal na salita bilang isang kolokyal na bokabularyo na lumilikha ng pagkakaisa sa loob ng isang pangkat ng lipunan o mga kaakibat na nagsasalita na may kalakaran sa lipunan. Ang mga kahulugan ng balbal ay karaniwang kinabibilangan din ng mga panlipunang layunin ng pagmamarka ng impormal, paghahatid ng pagkamalikhain o pagiging mapaglaro nito sa mga salita. Ang pagkamalikhain na nabuo ay may iba't ibang anyo na inilalahad sa paraang makaakit ng interes ng tagapakinig (Herdian at Supri, 2020).

**Nailalahad nang buo at malinaw ang ideya o impormasyon sa pakikipag-usap**

Ang mga bokabularyong Generation Alpha ay nagagamit ng mga mag-aaral sa tuwing sila ay naglalahad ng kanilang ideya at saloobin. Ito rin ay kalimitang nagagamit sa loob ng talakayan sa klase na di nila namamalayan. Batay sa pakikipag-usap ng mananaliksik sa mga guro tinutukoy nilang ang mga mag-aaral ay nagagamit ang

salitang Generation Alpha kaapag ang mga ito ay nagpapaliwanag o nagbibigay ng kanilang mga sariling pananaw sa iba't ibang mga usapin. Ayon kina Aldaca at Villari (2012) na kapag gumamit ka ng balbal, inilalahad mo ang iyong mga ideya, iyong pakiramdam, iyong saloobin bilang kung paano mo nais na madama ng mga taong nakikipag-usap sa iyo at kung paano mo nais na maramdaman ng mga taong iyon, at mas malinaw mong napapabatid ang ideya at pananaw na ibig mong sabihin. Ang mga negatibong epekto ng paggamit ng bokabularyong Generation Alpha sa pakikipagtalastasang Filipino sa pasalita at pasulat. Ito ang sumusunod:

**Talahanayan 4**

*Negatibong Epekto ng Paggamit ng Bokabularyong Generation Alpha sa Pakikipagtalasamg Filipino*

| Pangkalahatang Negatibong Epekto | Tiyak na Negatibong Epekto |
|---|---|
| Pagkakaroon ng kalabuan sa paggamit ng salitang salita kapag nakikipag-usap | Nagdududlot ng kahirapan o kabagalan sa proseso at pagpapahayag ng kaisipan. |
| Nagiging mahina sa paglikha ng kuwento, tula, sanaysay atbp. | Hindi maayos na paggamit ng mga salita sa paghahatid ng mensahe. |
| Komplikasyon sa paggamit ng mga bantas ayon ng mga kalahok | Paggamit ng titik halip na bantas. |
| Nagkakaroon ng kahirapan sa paggamit ng mga bahagi ng pananalita | Kalituhan sa bahagi ng pananalita na ginamit sa mga pangungusap |

**Pagkakaroon ng kalabuan sa paggamit ng salita kapag nakikipag-usap.**

Hindi pa rin maaalis ang mga negatibong epekto nito sa pasalitang pakikipagtalastasan ng mga mag-aaral ayon sa mga guro. Ito ay nagdudulot ng malabo na paglalahad ng ideya o impormasyon sa pakikipagtalastasan. Ang mga guro ay naniniwala na sa paggamit nila ng mga salitang ito ay nagkakaroon ng kahirapan sa pagpapaabot ng mensahe sa kausap. Kung babalikan ang pagbuo ng mga salitang Generation Alpha mapapansin na ito ay maaari sa pamamagitan ng pagpapaikli, pagbabaliktad, pagpapalit salita at iba pa. Ang mga ito ay kadalasang ginagamit nila sa kanilang pakikipagtalastasan na nagdudulot ng kahirapan o kaya'y kabagalan sa pagproseso at pagpapahayag ng kaisipan sa kanilang kausap. Kagaya lamang ng mga modipikong omsim, korique, sheesh, oum at FOMO. Ito ay maaaring mahirap sa iilan na intindihin lalo na kung una pa lamang nilang marinig sa taong kausap nila. Ang ang guro ay kailangang gabayan ang mga mag-aaral na gamitin ang wastong salita sa pakikipagtalastasan lalo na kung ang kanilang kausap hindi nila masyadong kilala o kaya'y hindi nila higit kilala ito. Mga iilang mga kasanayan sa pakikipagtalastasan at pagpapaliwanag sa mga mag-aaral upang hindi makaligtaan ang maayos na proseso ng pakikipagtalastasan. Ayon kay Fish (2011) malaki ang epekto ng mga impormal na salita o balbal sa kasanayan ng mga mag-aaral sa komunikasyon kaya't kailangan ang isang adbokasiya na susulong sa maayos at epektibong pakikipagtalastasan.

**Nagiging mahina sa paglikha ng mga komposisyon kagaya ng kuwento, tula, sanaysay atbp.**

Ito ang suliraning nakikita ng mga guro sa kasalukuyan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Ito ay resulta ng hindi maayos na paggamit ng mga salita sa paghahatid ng kanilang mensahe sa pamamaraang pasulat. Ang mga bokabularyong kanilang ginagamit ay nabubuo sa pamamagitan ng pagbabaliktad, pagpapaikli, pagbabago ng ispeling, at panghihiram. Sapagkat ang gawing pasulat na tinutukoy ng mga kalahok rito ay gawaing pang edukasyon kaya't minarapat lamang na ang antas ng mga salitang gagamitin ng mga mag-aaral ay kailangang angkop sa pang-edukasyon ito ay pormal. Ayon sa pag-aarap ni Jeresano at Carretero (2022) ang balbal na mga salita ay mayroon negatibong epekto sa mga gawain sa paaralan ng mga mag-aral lalo na sa kanilang kasanayan sa pagsulat. Ang paggamit ng hindi angkop na mga salita sa gawain pang-edukasyon ay may malaking epekto sa kasanayan ng mga mag-aaral.

**Komplikasyon sa paggamit ng mga bantas**

Sa pang-araw-araw na paggamit ng mga mag-aaral ng impormal na pamamaraan ng pagsusulat at pagsasalita ay nakaligtaan na rin ang paggamit ng wastong mga bantas sa pagsulat. Ang mga bantas ay may malaking gampanin sa pasulat ng kasanayan ng mga mag-aaral sapagkat ginagawa nitong maging malinaw ang mensahe at istraktura ng pahayag. Sa halip na gamitin sa pangungusap ang mg bantas kanila itong ginagamit sa mga salita bilang panghalili sa mga titik. Kagaya na lamang ng salitang "hi" sa halip na "i" ito ay pinalitan ng

bantas na "!" o kaya ang paggamit ng higit pa sa isang bantas na tandang pananong sa mga pahayag ng mga Generation Alpha. Ang pagwawasto ng mga guro sa mga gawain pasulat ng mga mag-aaral ay malaking tulong upang hindi makaligtaan ng mga mag-aaral ang tamang paggamit ng mga bantas at balarilang Filipino. Ang mga gawaing pasulat ay malaking tulong upang mapalakas ang kasanayang pasulat ng mga mag-aaral. Ayon kina Maringal, David, at Zamora (2021) ang pagiging *heterogenous/language mixture* ng wika ay nagbubunsod sa pagkakaroon ng mga barayti ng wika. Ang buhay na wika ay nasa pagsasama-sama ng pagbabago at paglago. Banggit ni Cavinta (2021) na kinakailangan na mapaghandaan ang anumang pagbabagong magaganap sa wika dahil sa dulot ng pagbabagong ito ang mga suliranin sa pagbabaybay sa ortagrapiya at gramatika.

**Nagkakaroon ng kahirapan sa paggamit ng mga bahagi ng pananalita**

Ito ay tumutukoy sa pangngalan, panghalip, pandiwa, pang-uri, pang-abay, pangatnig, pang-ukol at pandamdam. Ang mga ito ay kinakailangan upang magkaroon ng isang maayos na balarila at maunawaan ang nais iparating na mensahe. Kaya't ang mga mag-aaral ay kinakailangang may kaalaam sa mga bahagi ng pananalita upang hindi magkaroon ng kalituhan sa pagpapahayag ng kaisipan lalo kung gagamit ng bokabularyong Generation Alpha sa anyong pasulat. Ayon kay Bisa (2008) kapag binanggit ang tawag na gramatika, pumapasok agad sa isip ang tungkol sa bahagi ng pananalita. Ito ay para sa maayos at wastong pagbuo ng mga pangungusap at sa organisasyon ng mga talata. Ayon naman kina Batnag, Fortunato at Reyes (2011) ang gramatika o balarila ay ang pag-aaral ng wastong paggamit ng mga salita ayon sa mga tuntunin ng isang wika. Upang maibsan ang dulot na suliranin ng paggamit ng salita ito. Ugaliin ng mga guro na bigyan ng pagsasanay ang mga mag-aaral na ay kinalaman sa pagsusulat upang maiwasan ang mga suliraning maaari nilang kaharapin. Lalo na maraming nagaganap ng pagbabago sa ating mga mag-aaral.

***ALPHATUMBAS: Talatumbasan ng Bokabularyong Generation Alpha* -** Nabuo ang awtput na may pamagat "**ALPHATUMBAS: Talatumbasan ng Bokabularyong Generation Alpha**", upang magsisilbing tulong at tugon sa suliranin na may kinalaman sa pakikipagtalastasan ng mga mag-aaral sa Baitang 5 at 6 sa antas elementarya sa mga pampubliko at pribadong paaralan. Alam natin na hindi maaaring hindi gumamit ang mga mag-aaral ng mga salitang nabibilang sa bokabularyong Generation Alpha subalit kailangan pa rin na hangga't maaari ay iwasan ang paggamit nito. Ang awtput na ito ay may layuning palawakin ang pagkaunawa ng mga mag-aaral at guro hinggil sa bokabularyong Generation Alpha. Hangarin ding mapaunlad at mapahalagahan ang mga bokabularyong Generation Alpha. Ito rin ay isang paraan upang makilala at maunawaan ang mga kahulugan ng mga salita na kabilang sa bokabularyong Generation Alpha upang mas mapadali ang komunikasyon at pakikipag-ugnayan sa kanila. Upang higit na maitindihan at maunawaan ang mga salitang ginamit ay maaaring mapakinggan ang pagbikas ng mga bata sa salitang Generation Alpha. Ang mga bata sa bidyo ay may pahintulot mula sa kanilang mga magulang upang maging bahagi sa pagbuo na awtput. Ito ay may malaking tulong upang mas lalong mapaganda ang **"ALPHATUMBAS: Talatumbasan ng Bokabularyong Generation Alpha".**

## 4. Konklusyon at rekomendasyon

Batay sa natuklasan ay nabuo at inilahad ang mga sumusunod na kongklusyon: Ang mga bokabularyong Generation Alpha ay may mga kahulugang iiba ang katawagan maging ang pagbaybay nito. Iba-ibang paraan kung paano nabubuo ang mga bokabularyong Generation Alpha. Ang paggamit ng bokabularyong Generation Alpha sa pakikipagtalastasan sa Filipino sa ayong pasalita at pasulat ay may positibo at negatibong epekto sa mga mag-aaral. Ang naabuong E-polyeto na "ALPHATUMBAS: Talatumbasan ng Bokabularyong Generation Alpha" ay magsisilbing tulong at tugon sa suliranin na may kinalaman sa pakikipagtalastasan ng mga mag-aaral sa Baitang 5 at 6 sa antas elementarya sa mga pampubliko at pribadong paaralan. Batay sa nakuhang kongklusyon sa pag-aaral na naisagawa, inirekomenda ng mananaliksik ang mga sumusunod: Ang mga naipong bokabularyong Generation Alpha ay bigyan ng mas malalim na pagkuha ng mga kahulugan at gamit nito sa pasalita at pasulat. Maipaunawa sa mga mag-aaral o Generation Alpha kung paano nabuo ang mga bokabularyong kanilang mga ginagamit upang mabatid nila ito.

**5. Talasanggunian**

Aldaca, B. B., & Villarin, I. J. (2012). *Communication in Filipino academics: reference and book of exercises in Filipino 1, tertiary level* [Komunikasyon sa akademikong Filipino: batayan at sanayang-aklat sa Filipino 1, antas-tersyarya]. Maxcor Publishing House Inc.

Almario, A.S. (2018). *Sining ng paglika at panghihiram ng salita.* Manila: Komisyon sa Wikang Filipino.

Batnag, Aurora E., Fortunato, Teresita F., Reyes, Alvin Ringgo C. (2011). *Sayusay: Sining ng Mabisang Pagpapahayag*: C and E Publishing, Inc., Lungsod Quezon.

Bisa, Simplicio P., Bisa, Paulina B., Concepcion, Lourdes Q., Medina, B.S Jr. (2008). *Masining na Pagpapahayag* (Dulog Modyular). C & E Publishing, Inc. Quezon City.

Cavinta, Elaine Myla. (2021). *Wika at Lingguwistikang Filipino: Paglalahad ng Isang Guro*.

Concepcion, G. P. (2012). Ang umuusbong na wika ng kabataang Filipino sa paglalaro ng DoTA. In J. M. Peregrino, P. C. Constantino, N. S. Ocampo, & J. D. Petrsa (Eds.), *Salindaw: Varayti at baryasyon ng Filipino* (pp. 176-181). Philippines: Sentro ng Wikang Filipino.

Danao, G., Torres, J., Tubio, J. V., & Vea, L. (2017, December). Tagalog regional accent classification in the Philippines. In *2017IEEE 9th International Conference on Humanoid, Nanotechnology, Information Technology, Communication and Control, Environment and Management (HNICEM)* (pp. 1-6). IEEE.

Eble, C. C. (1996). Slang & sociability: In-group language among college students. Univ of North Carolina Press.

Estanislao, J.C., Padrigan, J. C., Cabanes, R. V., Lopez, K. J., Pallega, R. J., Ituralde, J., Tapar, J., & Pacat, J. (2018). *Effects of slang on the learning of selected grade 12 students in ABM strand this school year* [Epekto ng salitang balbal sa pag-aaral ng mga piling mag-aaral sa ikalabin-dalawang baitang sa strand na ABM panuruang taon] [Tesis].

Fish, S. (2011). *How to write a sentence*. HarperCollins.

Gallego, M. K. (2016). Isang Pagsusuri sa Korpus Ukol sa Pagbabago ng Wikang Filipino, 1923-2013. *Philippine Social Sciences Review, 68*(1).

Gime, A. & Macascas, C. (2020). WikaGenZ: Bagong anyo ng Filipino slang sa Pilipinas. *International Journal of Research Studies in Education, 9* (3) 41-49.

Herdian, P. A., & Supri, I. Z. (2020). Language styles of advertisement in fast food company slogans: sociolinguistic study. *English Journal Literacy Utama, 5*(1), 292-301.

Jeresano, E. M., & Carretero, M. D. (2022). Digital Culture and Social Media Slang of Gen Z. *United International Journal for Research & Technology*, *3*(4), 11-25.

Jolo, R., & Marbella, F. (2021). Mga Diyalektong Pantahanan sa Sorsogon. *Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development, 9*(1), 91–97.

Lamble, L. (2018, April 23). With 250 babies born each minute, how many people can theEarth sustain? The Guardian. Retrieved from https://www.theguardian.com/global-development/2018/apr/23/population-how-many-people-can-the-earth-sustain-lucy-lamble

Maringal, M. L. F., David, A. P., & Zamora, N. C. L. (2021). Glosaryo Batay sa Ponema at Morpemang Anyo ng Salitang Tadbaliks na nasa Facebook. *The Normal Lights*, *15*(1), 24-50.

Muhammad, S. (2011). L2 reading instruction and reading beliefs of English teachers in public sector universities in Pakistan (Unpublished M.A. Thesis). Northern Arizona University, Flagstaff, USA.

Wahyu Nuraeni, F., & Pahamzah, J. (2021). An analysis of slang language used in teenager interaction. *Jurnal Penelitian Bahasa, Sastra Dan Pengajarannya*, *20*(2), 313-322.